# GANTIMPALA PARA SA MGA GURO

*by:*
**Liza Ann C. Rondares**
*Teacher III, Kataasan Elementary School*

Ang pagtuturo ay isang mahirap na propesyon, at madalas na gumugugol ang mga guro ng mahabang oras sa trabaho, lampas pa sa silid-aralan. Naghahanda sila ng mga aralin, nag-eeksamen ng mga gawain, at dumadalo sa mga pagpupulong, na nag-iiwan ng kaunting oras para sa kanilang sariling paglilibang. Kaya naman noong nakaraang taon ay nakatanggap ng isang buwan na baksyon ang bawat guro sa pampublikong paaralan, alinsunod sa direktiba ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd Order No. 13, s. 2024).Ang bakasyon na ito ay naglalayon na bigyan ng sapat na oras ang mga guro na makapagpahinga at maglibang kasama ang kanilang pamilya na walang anumang paggambala o gawain mula sa paaralan. Ang bakasyong ito ay nagsisilbing gantimpala para sa kanilang kasipagan at dedikasyon sa buong taon ng pagtuturo.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ngayong taon ay muli na naman itong mararanasan ng bawat guro sa pampublikong paaralan. Ito ay magsisimula sa Abril 19 hanggang Mayo 19, 2025. Ito ay pagkakataon ng bawat guro na magpahinga at gawain ang kanilang nais gawin tulad ng paglalakbay, paglilibang at pagsasagawa ng mga gawain na mas makakatulong sa kanila upang mas lumago sa kanilang propesyon. Ang bakasyong ito ay nagbibigay-daan din sa mga guro na bigyang-pansin ang kanilang kalusugan at kagalingan. Maaari silang mag-ehersisyo, kumain ng masustansyang pagkain, at makakuha ng sapat na pahinga, na madalas na naisasantabi sa gitna ng abalang taon ng kanilang pagtuturo sa paaralan.

Ang bakasyon na ito ay makakatulong din sa mental health ng mga guro. Ito ay magbibigay sa kanila ng pagkakataon na makapagnilay at maibsan ang stress. Maaari rin nilang gamitin ang bakasyon na ito upang mas mabigyan nila ng atensyon ang mga

kakulangan na kailangan nilang punan sa pagtuturo. Maaari nilang mas palawakin ang kanilang kaalaman at mas palakasin ang kanilang kahinaan sa pagtuturo upang mas maging epektibo sila sa susunod na taon.

Ang isang buwan na pahingang ito ay hindi lamang kapaki-pakinabang para sa mga guro kundi pati na rin sa mga mag-aaral. Ang mga guro na nakapagpahinga at inspiradong bumalik ay makakapagbigay ng mas mahusay at maayos ang pagtuturo ng kanilang mga aralin. Kapag masaya at malusog ang mga guro mas nagiging epektibo ang kanilang pagtuturo kung saan mas makikinabang ang mga mag-aaral.

Ang tuluy-tuloy na bakasyon na ito ay mahalaga dahil nangangahulugan ito na hindi kailangang mag-alala ang mga guro sa mga gawain sa paaralan sa loob ng panahong ito. Maaari nilang lubusang maramdaman ang kanilang pahinga nang walang iniisip na natitirang trabaho. Ito ay isang pagkakataon upang gawin ang kanilang mga personal na interes at maglaan ng oras sa kanilang pamilya. Ang bakasyong ito ay hindi lamang sumusuporta sa mga guro kundi nagpapabuti rin sa kalidad ng edukasyon para sa mga mag-aaral. Dahil dito, babalik sila sa paaralan na tunay na masaya at handang harapin ang panibagong taon. Ang bakasyong ito ay pagkilala at isang gantimpala sa kasipagan at dedikasyon ng bawat guro sa pampublikong paaralan.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

DepEd Order No. 13, s. 2024 (MANDATORY 30-DAY VACATION OF TEACHERS)

https://www.sunstar.com.ph/pampanga/public-school-teachers-to-get-30-day-uninterrupted-break

https://www.philstar.com/headlines/2023/09/06/2294111/deped-oks-30-day-rest-teachers-sans-volunteer-work

https://www.studocu.com/ph/document/magsaysay-memorial-college-of-zambales-inc/bs-in-business-administration/daping-pananaliksik-yes/80951622

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan